TAIZÉ

Liham 2024

# *Sama-samang Naglalakbay*

Sa nakaraang 18 buwan, ang ating Taizé Community ay humarap sa isang pakikipagsapalaran ng pananalig. Inihanda namin ang isang "Pagtitipon ng Bayan ng Diyos" na tinawag na "*Together*"[1] (Sama-sama), katuwang yaong galing sa mga kilusan, sambayanan at organisasyon mula sa maraming mga Simbahang Kristiyano. Isang kawatasan na ipinahayag ni Brother Alois[2] sa pagbubukas ng Sinodo ukol sa Pagiging Sinodal (*Synod on Synodality*) sa Iglesya Katolika, inakay kami ng paghahanda ng "*Together*" upang paigtingin ang aming pakikinig sa iba, paghahanap sa mga handog na naroroon sa iba't-ibang samahang pang-simbahan, pati sa mga taong may mabuting kalooban na nasa lipunan.

Naganap sa *St. Peter's Square* sa Roma, itong ekumenikal na bihilya ng panalangin ay nagtipon ng mahigit 20 mga lider mula sa iba't-ibang Simbahan na inanyayahan ni Papa Francisco, pati ang lahat ng kalahok sa ika-16 na Pangkaraniwang Pagtitipon ng mga Obispo ng Iglesya Katolika at 18,000 mga tao ng lahat ng edad mula sa buong mundo, kasama ang 4,000 mga nakatatandang kabataan na dumating para sa isang programa sa pagtatapos ng linggo at pinatuloy ng mga parokya ng Roma. Sa panahong iyon, nagtagpo ang mga tao sa 222 mga lugar sa buong mundo upang manalangin bilang pakikipag-isa sa bihilyang ito.

Sa pagbabalik-tanaw, paano natin mauunawaan ang karanasang ito? Paano nito binubuksan ang isang hinaharap kung saan sama-samang naglalakbay ang mga Kristiyano? "Iisa ang inyong Guro at kayong lahat ay magkakapatid" [Mateo 23:8], sabi ni Jesus. Hindi ba't ang lahat ng mga Kristiyano ay magkakapatid, nagkakaisa sa isang komunyon na hindi pa rin ganap ngunit gayunpaman ay tunay? Hindi ba't si Kristo ang tumatawag sa atin at nagbubukas ng isang daan para tayo ay sumulong kasama Siya bilang magkakalakbay, kasama yaong mga nabubuhay sa mga laylayan ng ating mga lipunan? Sa paglalakbay na ito, sa isang diyalogo na nakapagkakasundo, nais nating

---

[1] Ang bihilyang ito ay naganap noong 2023 Setyembre 30. Tingnan ang [www.together2023.net](http://www.together2023.net) para sa karagdagang kaalaman.

[2] Brother Alois, *prior* ng Taizé mula sa pagkamatay ni Brother Roger noong 2005 Agosto 16, hanggang 2023 Disyembre 02. Paano natin maipapahayag ang ating pasasalamat sa kanya para sa 18 taon bilang Lingkod ng Pakikipag-isa sa ating sambayanan, para sa kanyang mga palagiang pagpupursiging ekumenikal at patuloy na pagnanais na makahanap ng mga landas ng pakikiisa sa mga taong nangangailangan?

alalahanin na kailangan natin ang isa't-isa, hindi upang igiit ang ating mga opinyon, ngunit bilang ambag sa kapayapaan sa pamilya ng sangkatauhan[3].

Bilang pasasalamat para sa lumalagong damdaming ito ng pakikipag-isa, kaya nating makita ang paunang lakas na kailangan upang harapin ang mga hamon ng kasalukuyan tulad ng pagtangis ng mundo at ang mga hidwaang wumawasak sa pamilya ng sangkatauhan. Sa pakikipagtagpo at pakikinig sa isa't-isa, tayo ay maglakbay nang sama-sama bilang bayan ng Diyos.

Ano ang ibig sabihin para sa atin na muling tuklasin ang pakikinig sa ibang tao? Handa ba tayong unawain ang mga takot na maaaring maipahayag imbes na balewalain ang mga ito?

Sa paglalakbay ko mula Roma patungong Taizé, huminto ako sa Ljubljana, kabisera ng Slovenia, lugar ng ika-46 *European Meeting of Young Adults*[4] ng Taizé, upang makipagtagpo sa *international preparation team* ng mga kabataang *volunteers*, mga Taizé *brothers*, mga *Sisters* ni San Andres at mga kaibigang Sloveniano. Ang sumusunod na pagninilay, sa temang "Sama-samang Paglalakbay", ay isang bunga, sa malaking bahagi, ng aming mga pag-uusap noong mga araw na iyon.

Kalakip ang pasasalamat sa aking mga *brothers*, mga taong nag-ambag sa paghahanda ng mensaheng ito at sa lahat ng makikibahagi sa paglalakbay na ito,

Ang aking pinakamalugod na pagbati sa inyong lahat,

*brother Matthew*

---

*Sa Ljubljana, may narinig akong nagsabi: "Ngayon, ang pagkawala ng tirahan sa lipunan ay hindi na lamang isang tanong ukol sa materyal na tahanan. Para sa maraming tao, ito ay isang panloob na realidad. Ngunit ang paghahanap para sa panloob na seguridad, minsan ay posibleng magdulot ng mga pag-iisip na nagwawalay lamang lalo." May isa pang nagtanong: "Kung maglalakbay tayo nang sama-sama, gaano katinding pagsang-ayon ang kailangan natin para makapagsimula? Mayroong peligro ng mga kasabihang hungkag na nagkukubli sa katotohanang nagpaparaya lamang tayo sa iba. Subalit kapag ibinubukas natin ang ating mga sarili sa pakikipag-usap, tayo ay nakikipagsapalaran." Saan tayo inaakay ng mga tanong na ito?*

[3] Ano ang pagtawag na inihahayag ng Diyos sa ating humaharap sa mga paghihirap na dulot ng mga hidwaan sa Ukraine, Palestina at Israel, Afghanistan, Myanmar, Pakistan, Haiti, Nicaragua, Sudan at sa marami pang ibang lugar sa mundo ngayon?
[4] Mula 2023 Disyembre 28 hanggang 2024 Enero 01.

# Pakikinig

Sa puso ng bawat pakikipag-usap ay pakikinig. Sinabi ni Moises sa Bayan ng Diyos: "Shema Yisrael"—"Makinig, O Aking bayan" [Deuteronomio 6:4] at ang mga salitang ito ang nagbigay-ngalan sa kanilang panalangin sa araw-araw. Makalipas ang ilang siglo, ang alituntunin ni San Benedicto ng Nursia[5] ay nag-uumpisa sa "Makinig nang mabuti".

Ang pakikinig ay isang gawain ng pag-ibig. Ang pakikinig ay nasa puso ng anumang pakikipag-ugnayan ng pagtitiwala. Kapag walang pakikinig, maliit ang maaaring tumubo o umunlad. Walang ugnayan ang uubra nang wala ito. Kapag tayo ay nakikinig sa iba nang walang pag-iimbot, binibigyan natin sila ng puwang na maging sila. Pinapaging-kaya natin sila na ipahayag anuman ang kailangan nilang ipahayag, minsan maging anuman ang hindi masasabi ng mga salita.

At sa puso ng pakikinig ay katahimikan[6]. Maraming halimbawa nito ang ibinibigay sa atin ng Biblia. Katagpo ni Elias ang Diyos sa banayad na simoy ng katahimikan, imbes na sa lindol, hangin at apoy [1 Mga Hari 19:11-13]. Naupo si Maria, kapatid ni Marta, sa paanan ni Jesus at nakinig sa Kanya [Lucas 10:39][7]. "...ang Iyong kaloob sa akin ay pandinig ko", sabi ng isang matandang panalangin mula sa Biblia [Mga Awit 40:6].

Ngayon, kadalasan may palagay tayo na sinumang sumisigaw nang pinakamalakas ang siyang nagtatagumpay. Tila tumataas ang karahasan sa napakaraming mga lugar kaya hindi na natin alam saan babaling. Subalit hindi kailanman may akda ng karahasan ang Diyos[8]; hinding-hindi Siya nanggigiit. "Aking naririnig mga pahayag na kay Yahweh nagmula; sinasabi Niyang ang mga lingkod Niya'y magiging payapa" [Mga Awit 85:8].

---

[5] Si San Benedicto ng Nursia (c. 480 - c. 547 CE) ang ama ng *monasticism* sa Kanluran. Ang alituntunin na kanyang isinulat ang ginamit sa buong Europa habang nagtayo ng mga monasteryo at nag-impluwensya sa mga sumunod na alituntuning monastiko.

[6] Noong bihilya ng *Together*, nagsalita si Papa Francisco tungkol sa katahimikan: "Ngayong gabi, tayong mga Kristiyano ay naging tahimik sa harap ng Krus ng San Damiano, bilang mga disipulong nakikinig sa harap ng krus, ang trono ng Panginoon. Ang ating katahimikan ay hindi hungkag na pananahimik, kundi isang sandaling puno ng pananampalataya, pag-asam at pagiging handa. Sa isang mundong puno ng ingay, hindi na tayo sanay sa katahimikan; tunay ngang minsan nilalabanan natin ito, sapagkat pinupuwersa tayo ng katahimikan na harapin ang Diyos at ang ating mga sarili. Gayunman, ito ay nakalagak sa saligan ng salita at ng buhay (…) Sa sambayanan ng simbahan, ginagawang posible ng pananahimik ang pakikipagtalastasan bilang magkakapatid."

[7] Sa maraming mga kultura, ang pag-upo sa paanan ng isang tao o ang pagdampi sa kanilang mga paa ay isang paraan ng pagpaparangal sa kanila. Ano ang maaaring maging kahulugan para sa atin ng pag-upo sa paanan ni Jesus?

[8] Ang pagkamatay ni Jesus sa Krus ay nagpapakita sa atin na ang Diyos ay kasama ng mga nagdurusa at hinding-hindi nakapanig sa mga may akda ng pagdurusa. Tumangis si Jesus sa pagkamatay ng Kanyang kaibigang si Lazaro; at ang Kanyang muling pagkabuhay ay nagpapakita sa atin na hinding-hindi mapapasa-kamatayan at pagdurusa ang huling salita.

Hindi ba't ang landas pasulong ay ang subukang makinig at unawain ang iba? Sa halip na gawin tayong sunod-sunuran o pigilan tayong magsalita sa harap ng mga kawalang katarungan, ang isang "pusong nakikinig" [1 Mga Hari 3:9] ay nagbibigay sa atin ng kakayahang gumawa ng mga matatapang at malikhaing pagpapasya, na nakaugat sa kaibuturan ng ating mga pinaniniwalaan, kung saan mas malapit sa atin ang Diyos kaysa sa inaasahan natin…

## Paglalakbay

Kapag naglalakbay tayo sa buhay, tayo ba ay mga turista o mga peregrino ba tayo? Naglalakbay lang ba tayo upang magmasid mula sa labas, o mayroon bang pagkauhaw sa kaibuturan natin, na inaakay tayo pasulong? Ang peregrino, kahit hindi nakikita ang dulo, ay naghahanap ng kabuluhan sa bawat hakbang ng paglalakbay, dinadama ang direksyon nang may kawatasan. Ngunit ang isang landasin na walang layunin ay maaaring maging pagpapaikot-ikot nang walang patutunguhan[9].

Kapag nangyari ito, maaalala ba natin kung paanong sinabi ni Jesus, "Ako ang Daan, at ang Katotohanan, at ang Buhay" [Juan 14:6]? Ang maglakbay nang kasama Siya ay nangangahulugang paghawak sa tatlong katotohanang ito nang magkakasama. Si Jesus mismo ay ang daan na ating sinusundan, pwede nating pagkatiwalaan ang sinasabi Niya, at inaakay Niya tayo tungo sa isang kaganapang hindi natin lubos maisip.

Walang hindi isinali si Jesus sa Kanyang paglalakbay. Nakaugat sa pakikipag-isa sa Diyos, ibinahagi Niya ang Kanyang buhay sa sinumang lumapit sa Kanya, sa mga matuwid at makasalanang tao. Kinilala Niya ang presensiya ng Diyos sa mga nasa laylayan ng lipunan, sa mga makasalanan at mga itinakwil, at maging sa mga hindi naman mula sa Kanyang sariling bayan. Ibinigay ni Jesus ang mayroon Siya, at tumanggap din Siya mula sa mga nakatagpo Niya. Nabigyang hamon nila ang Kanyang buhay, at madalas ay pinagyaman pa.

Hindi ba't si Jesus, maamo at mababang loob[10], ay nag-aanyaya sa atin sa parehong landasin? Handa ba tayong hanapin ang pagiging mapagbigay na bunga ng pagpapakumbaba[11] upang masalubong ang maaaring ibigay ng iba sa paglalakbay na ito?

---

[9] Minsan, nakararanas tayo ng gayong mga panahon sa ating buhay kung saan wala tayong makitang anumang layunin, dahil sa iba't ibang mga kadahilanan. May mga sandaling dapat nating tanggapin na tayo'y nasa lugar na walang katao-tao.

[10] Tingnan ang Mateo 11:30. Kapag ang ating puso ay nagiging mas maamo, hindi ba't ito'y isang tanda na tayo ay naglalakad kasama si Jesus? Ang kabaligtaran ng pag-ibig ay hindi galit, o maging pagkamuhi, kundi katigasan ng puso.

[11] Walang kinalaman ang pagpapakumbaba sa pagpapasailalim o sa pagkapahiya. Sa kabaligtaran pa nga, nangangailangan ito ng matinding panloob na lakas at hinding-hindi nito dudurugin ang mga handog o mga katangian ng isang tao.

Ang paglalakbay nang sama-sama ang siyang buhay ng Simbahan at lipunan.  Ngunit gayunpaman kailangan ng bawat tao ang puwang upang ang kanilang sariling pagkamalikhain at mga palagay ay maaaring maipahayag.  Ngunit ang mga ito ay ibinibigay upang maibahagi, upang buuin ang ating sama-samang buhay sa Simbahan, sa pamilya ng sangkatauhan.  Ang mga kwerdas ng gitara ay nakalapat nang tabi-tabi, ngunit tuwing tinutugtog sila nang sama-sama ay saka sila lumilikha ng magandang tunog…

## Pagiging kapiling ng iba

Hindi palaging madali ang pagsama sa iba.  Bawat isa sa atin ay may dala-dalang mga sugat.  Minsan ay sinusugatan natin ang isa't-isa.

Ang pagsama sa mga tao ay pakikinig sa kanila.  Ang bigyan sila ng panahon at puwang upang mailahad nila sa atin ang kanilang kuwento[12].  Ang pakikinig ay nangangahulugang pagtanggap sa kanila sa kanilang kaibahan.  Maaaring hindi tayo nagsasang-ayunan o maaaring magkaiba tayo ng pananaw.  Subalit nakamamangha na kapag nakinig nga tayo, kapag hinayaan natin silang sabihin ang kanilang kuwento, mas madalas kaysa sa hindi, natutuklasan natin ang ating pagkakapareho bilang tao. Hindi ganoon kalaki ang mga pagkakaiba-iba tulad ng inakala natin.   Ang pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba ay tunay ngang posible[13].  At siguro, ang mga sa atin na nananabik na maging mga tagasunod ni Jesus ay mamamangha na matuklasang

[12] "Ang tanging paraan para malaman natin ang ating mga kwento ay ang kilalanin ang mga tao at pagkatapos nito maaari nilang sabihin sa iyo ang kwento. (…) Ang mga kwento, at lalo na ang mga awit, ay nakatutulong sa atin na makaalala.  Kaya ako naglalahad ng mga kwento at umaawit sa aking wikang Adnyamathanha, dahil tinutulungan ako nitong maalala kung sino ako.  Tinutulungan ako nitong maalala na ako ay nilikha sa wangis ng Diyos at na ang Diyos bilang Manlilikha ang gumawa ng lahat ng bagay. At naaalala ko iyan."  Aunty Denise Chapman, nakatatandang Adnyamathanha at Pastor ng Uniting Church sa Timog Australia. Mula sa librong "Yarta Wandatha" © 2014 Denise Chapman.

[13] Tingnan si Pastor Anne-Laure Danet: "Ang mga pagkakahati-hati ay hindi pareho sa pagkakaiba-iba. Hindi ang pagkakaiba-iba ng mga Simbahan ang kinukuwestiyon.  Normal ito, kailangan pa nga, sapagkat isinasaalang-alang nito ang ating kani-kaniyang mga pagkakakilanlan: ayon sa kultura, sa kasaysayan, sa lipunan, sa etniko, sa *sex*, atbp.  Kung ang mga pagkakakilanlang ito ay pumapangalawa sapagkat kay Kristo "wala na ang Judio o di Judio, alipin o malaya, lalaki o babae" [Galacia 3:28], umiiral pa rin ang mga ito at sa mga ito nagkakaroon ng pangangatawan ang pag-iral ng mga mananampalataya. Mula sa sandaling sila ay nananatiling pumapangalawa, sila ay nagiging mga kayamanan sa pamamagitan ng pagtutulot ng kabukasan. (...) Sa halip na pakinisin hanggang mawala ang mga pagkakakilanlan, pinapalakas nila ang mga ito at pinapipino nang hindi pinaghihiwalay, (...) ngunit, sa kabaligtaran pa, ay kinikilala sa iba ang mga handog at pagkilos ng Espiritu Santo.  Kaya naman pinapaging-posible nito ang pagbagtas ng isang kabahaging pagkakakilanlan.  Ito ay isang ibayong hakbang sa ekumenikal na pagkilos, na sumulong mula sa pagkakaisa sa pagkakaiba-iba (pagtatakwil sa lahat ng porma ng pagkakapare-pareho) tungo sa pagkakaisa sa pinagkasundong pagkakaiba-iba. (Salin mula sa "La diversité en Église, de la division à l'enrichissement mutuel" sa Contacts, Revue Française de l'Orthodoxie No. 282 Abril-Hunyo 2023).

mayroon nang pagkakaisang umiiral sa Diyos at kay Kristo [Juan 17:21-23] na ibayo pa sa ating mga inaasam.

Subalit kapag sinabi sa atin ng iba kung paano sila nasugatan, o maging kung paanong tayo ang sumugat sa kanila, mangangahas ba tayong isapuso ang sinasabi nila? Napakadali nating mahulog sa mga mekanismo ng pagtatanggol sa sarili. At tumitigil tayong makinig, sinisikap nating ipagtanggol ang ating mga sarili o ang ating pananaw. Hindi ba't ang pagdamay ng puso ay nangangahulugan ng pagiging handang seryosohin ang pagdurusa ng iba? Marahil may mga panahon na ang pagdurusa nang sama-sama ay makapagbubukas ng isang landasin kung saan maaari tayong magkasama-sama, kahit na hindi natin maiwan ang pagdurusang iyon[14].

Minsan kailangan nating tanggapin ang paghakbang nang paatras. Sa mga sandaling iyon, maaari nating ipagkatiwala ang ating mga sarili sa Espiritu Santo at hilingin ang Espiritu na turuan tayo ng dapat nating malaman[15]. Ibig sabihin nito ay ang maging mapagkumbaba na hindi naising igiit ang ating mga sariling ideal kundi tanggapin kung ano ang dinadala ng ibang tao sa harap natin[16].

At hindi natin kailanman dapat iwan ang pag-asa[17]. Tinitiyak sa atin ni Apostol Pablo, na nalipos ng walang hanggang pag-ibig ni Jesus na Muling Nabuhay pagkatapos niyang Siya ay kanyang masidhing tinunggali, na ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santong ibinigay sa atin [Roma 5:5]. Makaaasa tayo sa maamong presensiyang ito kahit hindi natin ito nararamdaman. Kaya naman, hindi ba't maisisilang muli sa ating kalooban ang tiwala, maselan man ito, nagbibigay ng sapat na liwanag upang magawa natin ang sunod na hakbang kasama ang Diyos at ang mga taong ipinagkatiwala sa atin?

---

[14] Tingnan si San Maximo ang Kumpesor: "Magpakita tayo ng pagdamay para sa isa't-isa at sa pamamagitan ng pagpapakumbaba ay hilumin ang isa't-isa." (Ang Buhay Asetiko [*The Ascetic Life*], 41; trans: Polycarp Sherwood osb, Newman Press 1953).

[15] Noong ekumenikal na bihilyang panalangin ng "*Together*", nanawagan tayo sa Espiritu Santo gamit ang sinaunang panalangin na "*Adsumus Sancte Spiritus* (Nakatayo kami sa harap Mo, Espiritu Santo)" na dinasal bago ang mga Konsehong Ekumenikal mula pa noong pinakaunang panahon upang magsumamo sa Espiritu Santo na ipamalas ang daan. Tingnan ang https://tinyurl.com/Adsumus

[16] "'Ang paghahari ng Diyos' ay hindi layon ng isang ganap na pangarap, bagkus ay nakaugat sa 'realidad'. … Ang isang pangarap na hindi nakaugat sa realidad ng mundong ito ay isang ilusyon. Ang isang ilusyon ay nalilikha ng kawalang kakayahan o pagtanggi na harapin ang mga suliranin ng buhay. Ito ay isang pagtakas tungo sa lugar ng di totoo, sa labas ng mundo ng realidad." Choan-Seng Song, teologong Taiwanese, sa "Jesus and the Reign of God", Fortress Press, 1993, p. 77.

[17] Sa kanyang Mga Pahayag, ang ika-14 na siglong Ingles na anchoress na si Dame Julian ng Norwich ay sumulat: Nais ng Diyos na malaman nating hindi lang Niya iniintindi ang mga matayog na bagay at ang mga pinakadakila, ngunit hinaharap din Niya ang mga maliliit at mumunti, ang mga mabababa at payak, nang magkasingtindi. Ito ang Kanyang pakahulugan nang sinabi Niya, "Lahat ng paraan ng mga bagay bagay ay magiging maayos"; sapagkat gusto Niyang malaman natin na ang pinakamaliit na bagay ay hindi malilimutan…

# Pananatili sa piling ng Diyos, pananatili sa piling ng iba

Kumakain ng oras ang paglalakbay—maging buong buhay—tulad ng kung paanong ang pakikinig ay kumakain ng oras upang lumago ang mga ugnayan.  Dito marahil pumapasok ang matiyagang pagbabata at pananatiling tapat.

Paglalakbay kasama ang iba, paglalakbay kasama ang Diyos.  Para sa marami sa atin, ang mga realidad na ito ay hindi mapaghihiwalay.  Kailangan natin pareho[18].

Tulad ng mga sanga na tumutubo mula sa puno, inaanyayahan tayo ni Jesus na manatili sa Kanya tulad ng pananatili Niya sa atin (tingnan ang Juan 15).  Ang pananatili ay nagpapahiwatig ng isang bagay na nagtatagal sa oras.  Ang hinihingi sa atin ay hindi lamang pangako na panandalian, ngunit ang manatili sa Kanya sa buong buhay natin.  Tanging sa pananatili tayo makapagpapatuloy na lumago at mamunga.

Ano ang bungang ito?  Paglaon ay sasabihin ni Jesus, "Magmahalan kayo gaya ng pagmamahal Ko sa inyo. Walang pag-ibig na hihigit pa kaysa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan".  Ang paglalakad sa landasing ito ay nangangahulugang pakikipagsapalaran na ibigay ang lahat upang sumunod kay Jesus, nang sa gayon, nang buong kalayaan, makapagmamahal tayo hanggang sa wakas.  Ang pag-ibig na ayon sa Ebanghelyo ay hindi lamang pagsuyo, subalit paghahandog ng ating sarili sa iba.  Ito ang paglalakbay ng ating buhay na kung saan, tayo ay umuusad mula sa pagiging mga lingkod patungo sa pagiging mga kaibigan ni Kristo.

Nagkakaroon ng bunga sa mga buhay na ginugugol nang ganap.  Natural itong lumalago kapag nananatili tayo kay Kristo at nabubuhay ayon sa Kanyang buhay tulad ng mga sanga na tumatanggap ng buhay mula sa puno.  Mayroong kaganapan ng kaligayahan na matutuklasan kapag niyakap natin ang paghamon ng Mabuting Balita.  Handa ba tayo para rito?

# Paglalakbay nang sama-sama sa mundo ngayon

Nakaharap sa mga hamon ng kasalukuyan at sa ating sariling kahinaan, tulad ng sinabi natin kanina, may mga taong nakadarama paminsan-minsan na wala silang matuluyan.  Nakikita natin ang sugatang Sangnilikha ng Diyos kung saan ang ating sugatang pamilya ng sangkatauhan ay kabahagi.  Ang pagdurusa ay maipapasa sa mga salinlahi,

---

[18] "Ang ating pagdama sa presensiya ng Diyos ay mababaluktot kung makaligtaan nating tingnan ang realidad ng Diyos nang ayon sa realidad ng ating kapwa.  At ang ating pagdama sa realidad ng ating kapwa ay masisira maliban na tingnan ayon sa realidad ng Diyos."  Kosuke Koyama, teologong Hapon, sa "Water Buffalo Theology", Orbis Books, 1974, p. 91.

sa mga taong pinagsamantalahan at hinamak.  Alam nating may mga pamilyang sinisira ng hidwaan at digmaan.  Kinikilala rin natin na may mga buhay na napinsala ng mga taong sumasambit ng ngalan ni Kristo sa Simbahan at maging sa ating sambayanan ng Taizé[19].

Pero hindi ba't mayroong panawagan na harapin ang mga hamong ito nang sama-sama?  Isang kasabihan mula sa Africa ang ganito: "Ang tila nagpapaiksi sa isang mahabang paglalakbay ay kapag tayo'y naglalakad nang sama-sama."  Sa "Malakihang Pagdayo" (*Great Migration*) ng mga hayop sa pagitan ng Serengeti at Masai Mara, kailangang umasa ng mga nakababatang guya sa lakas ng mga nakatatanda upang tumawid ng ilog at bagtasin ang pampang.  At para rin sa atin, may mga panahon kung kailan kailangan tayong kargahin.  O matutong tanggapin na tayo'y magpapakarga…

At kapag hinarap natin ang gayong mga hamon nang sama-sama, pwedeng magkaroon ng mga karanasan ng kagandahan, ng kahigitan, na tutulungan tayong matuklasan ang pagkislap na makapagpapahayo sa atin nang may panibagong sigla[20].

Sa araw ng muling pagkabuhay ni Jesus, dalawa sa Kanyang mga kaibigan ang tumalikod sa Jerusalem, kung saan Siya ay pinatay [Lukas 24:13-35].  Subalit habang sila ay naglalakad, isang estranghero ang sumama sa kanila.  Nang lumaon ay umupo Siya sa hapag kasama sila, naunawaan nila na ang kanilang nararanasan ay si Jesus.  Maaari tayong matulungan ng mga estranghero na maaninaw ang presensiya ni Kristo at muli ay maunawaang Siya ay nananatili sa piling natin palagi.

"Huwag kang mangamba", ibinubulong Niya sa ating puso, "Kasama ninyo Ako, araw-araw hanggang sa wakas ng panahon" [Mateo 28:30].  Pakikinggan ba natin ang pangakong ito?

Tulad ng pampaalsa na hinalo sa harina [Mateo 13:33], bagamat dukha sa kaparaanan at marahil nakararamdam nang kaliitan, mangangahas ba tayo na muling humayo nang hindi mag-isa kundi kasama ang iba, nang pinagyayaman ang isa't-isa, habang tayo'y sama-samang naglalakbay?

---

[19] Tingnan ang  "Ascertaining the Truth" ("Pagtitiyak sa Katotohanan") sa Taizé.fr/en_article26170.html.  Tinatanggap namin na ito ay isang patuloy na proseso ng pagkatuto kung saan kami ay nakikinig sa mga nasaktan, kumikilala sa kanilang pagdurusa at gumagawa ng lahat ng aming kaya upang masiguro ang isang ligtas na lugar para sa lahat.

[20] San Agustin ng Hippo: "Nitong huli na nang Ikaw ay aking minahal, Gandang sinauna at sariwa: nitong huli na nang Ikaw ay aking minahal.  Masdan, Ikaw ay nasa kalooban ko at ako ay nasa panlabas na mundo at doon sinikap Kang makatagpo, at sa aking kaawa-awang estado, lumublob ako sa mga nilikhang Ikaw ang gumawa.  Naroon Ka sa piling ko, at ako ay wala sa Iyo. (...) Hinaplos mo ako, at ako ay naglalagablab na maabot ang Iyong kapayapaan" (Confessions 10.27.38).

## Pagvo-volunteer sa Taizé

Ang mga pagkikita sa Taizé ay nagiging posible salamat sa grupo ng mga kabataang volunteer: mga kabataang edad 18 hanggang 29. Sila ay tinatanggap sa mas mahabang panahon sa Taizé, mula sa ilang linggo hanggang sa isang buong taon. Nais naming ibahagi sa kanila kung ano ang pinakamahalaga sa buhay ng aming komunidad:

**Sama-sama... na nananalangin**
Walang nangyayari sa Taizé ang posible nang wala ang tatlong pananalangin nang magkakasama, at sa pamamagitan din ng panalangin na ang mga volunteer ay tumutulong na matanggap nang sama-sama yaong mga dumarating.

**Sama-sama... na nabubuhay bilang sambayanan**
Sama-sama, na nagtataguyod ng isang maliit na pansamantalang sambayanan mula sa bawat kontinente, mula sa iba't-ibang Simbahan, sa naibabahaging yaman ng ating pagkakaiba-iba.

**Sama-sama... na naglilingkod sa iba**
Gawin mong posible, sa pamamagitan ng paglalaan ng sarili, na tumanggap ng mga kabataan sa Taizé. Kung nais mong matuto pa tungkol dito, tingnan ang www.Taizé.fr/volunteering

## Pagpapatuloy ng ating sama-samang paglalakbay sa 2024

Ang mga sumusunod na pagkikita ay nakaplano ngayong 2024:

• Mga international na pagkikita sa Taizé sa buong taon para sa mga kabataang edad 18 hanggang 35 (para sa iba pang edad, tingnan ang Taizé website kung kailan kayo maaaring magpunta)

• Mga Mahal na Araw at Panahon ng Muling Pagkabuhay sa Taizé mula Marso 24 hanggang Abril 07

• "Meeting of Friendship" sa pagitan ng mga kabataang Muslim at Kristiyano mula Hulyo 07 hanggang 12

• Pagbabahagi at pagsaksi ng pananampalatayang Orthodox mula Agosto 04 hanggang 11

• Isang linggo ng pagninilay na nakalaan para sa mga nakatatandang kabataan edad 18 hanggang 35, mula Agosto 25 hanggang Setyembre 01

• "European Meeting" ng mga Nakatatandang Kabataan mula Disyembre 28 hanggang 2025 Enero 01. Ang lungsod na tatanggap para sa ika-47 "European Meeting" na ito ay Tallinn, kabisera ng Estonia.

www.Taizé.fr/dates